## Mag-ingat sa pagmamaneho...
## ito ay pananagutan mo!

Handog sa inyo ng CYPRUS TOURISM ORG sa pagtutulungan ng CYPRUS POLICE. MINISTRY OF COMMUNICATIONS & WORKS  at ng THE CYPRUS CAR HIRE ASSOC.

**PHI**

# PANATILIHIN MALAYO SA DISGRASYA ANG LANSANGAN NG CYPRUS!



## Mga importanteng paalala para sa pagmamaneho sa Cyprus:

Dito sa Cyprus, ang pagmamaneho ay nasa kaliwa at hindi sa kanan.

Para sa kanilang kaligtasan at kaligtasan ng lahat, ang mga driver ay nararapat sumunod sa mga speed limits ng Cyprus. Ang maximum speed na pinapayagan sa mga pangunahing highways ay 100 km/h at ang minimum ay 65 km/h. Ngunit, kung may nakalagay na babala, para sa mga inter-urban at rural roads, ang maximum limit ay 80 km/h at para sa mga matataong lugar, ang maximum limit ay 50 km/h.

Hindi pinahihintulutan ang pagmamaneho kung ang alcohol sa dugo o hininga ay lampas sa limit na 50 miligrams ng alcohol sa 100 millilitres ng dugo (BAC 0.5 mg/ml). Ang limit sa hininga ay hanggang 22 micrograms ng alcohol sa 100 millilitres ng hanging hininga.

Ang paggamit ng cellphone ay hindi pinapahintulutan. Ang mga driver na nagnanais gumamit ng cellphone habang nagda-drive ay gumamit ng hands-free device.

Obligadong mag-suot ng seatbelts ang mga sakay sa harap man o sa likod ng sasakyan. Ang mga batang bababa sa 1.5m sa taas ay kinakailangang magsuot ng kaukulang safety belts.

Kung magdadrive sa Cyprus, kinakailangan ang valid na lisensiya. Paalala:

- European citizens ay makakapagmaneho gamit ang driver's license galing sa kanilang bansa.
- Non-european visitors ay maaaring magmaneho gamit ang lisensiya galing sa kanilang bansa para sa 30 days lamang o gamit ang valid na international driver's license.
- Citizens ng Norway, Iceland, Lichtenstein, Australia, Russia, Georgia, Ukraine, Serbia, Switzerland, Zimbabwe, U.S.A., Japan, Canada, New Zealand, South Africa at South Korea ay maaaring magmaneho gamit ang driver's license galing sa kanilang bansa para sa 6 na buwang pamamalagi. Pagkatapos ng 6 na buwan, kinakailangan na nilang mag-apply ng Cypriot driving license ng walang driving test.
- Citizens ng mga bansang hindi nabanggit ay kinakailangang mag-apply ng Cypriot driving license ayon sa mga hakbang na itinakda gaya ng pagkuha ng driving test (theory at actual).

Kung ikaw ay magmamaneho ng motorsiklo, kinakailangang sundin ang sumusunod:

- Isinasaad sa batas na ang driver at pasahero ay magsuot ng helmet. Rental agencies ay kinakailang may helmet para sa mga nag-rerent ng motorsiklo.
- Maaaring magdala ng pasahero kung siya ay higit sa 12 taong gulang.
- Sa araw, dapat ay nakasindi ang headlight.

Siguraduhing may kaukulang insurance para sa anumang aksidente o sakuna.

Paalala na ang trapiko ay sa kaliwang bahagi ng daan ang galaw kaya nararapat na tandaan:

- Maglakad sa tabing daan. Kung walang lugar sa tabing daan, maglakad sa kanang bahagi ng kalye (nakaharap sa parating na traffic)
- Tumingin sa kanan bago tumawid sa kalye.
- Sa gabi, magsuot ng espesyal na fluorescent badges o magsuot ng hindi masyadong makulay na damit para madaling makita sa daan.

**Highways:**

- Mga sasakyan ay nasa kaliwang linya
- Ang paggamit ng kanang linya ay pinapayagan lamang:
  a) Para sa pag-overpass ng isa pang sasakyan
  b) Pag ang kaliwang linya ay hindi bukas
  c) Pag nagbibigay-daan sa isang sasakyan

**Ipinagbabawal sa highway:**

- Huminto o mag-park ng sasakyan
- Para sa mga tao na tumawid
- Mag-drive ng motorsiklo o agricultural machine

**Kung sakaling may sakuna o aksidente, tumawag sa 199 o 112**